



**TRANSMOUNTAIN**



# Mga Linya ng Tubo sa Inyong Komunidad

**Sa Trans Mountain, lubos kaming naniniwala na ang pag-iwas sa pinsala ay pananagutan ng bawat isa.** Sa bawat pagbubungkal mo ng lupa, ginagampanan mo ang mahalagang tungkulin sa pagsugpo ng pinsala sa enerhiya ng imprastruktura sa ilalim ng lupa.

Ang mga linya ng tubo ay isang ligtas at kapaki-pakinabang na paraan upang magdala ng mga produktong petrolyo sa merkado; gayunpaman, ang linya ng tubo ay maaaring masira kapag nagkaroon ng direktang kontak sa oras ng paghuhukay o iba pang nakapipinsalang aktibidad sa lupa. Para maiwasan ang sira sa nakabaong imprastruktura at mapanatiling ligtas ang mga komunidad, mahalagang makipag-ugnayan sa iyong serbisyo ng lokal na One Call bago ang anumang gawaing pakikialam sa lupa, katulad ng paghuhukay, pagkakanal, pagbubungkal, pagpapatag ng lupa, paggagrado, pag-landscape at iba pang katulad na mga aktibidad. Karagdagan pa, ang pagtawid sa nakalaang daan para sa linya ng tubo gamit ang sasakyan o de-motor na kagamitan kung hindi nagmamaneho sa isang umiiral na kalsada ay nangangailangan ng aming nakasulat na pahintulot.

Kung ikaw ay isang may-ari ng bahay o magsasaka na nagtatrabaho sa iyong sariling ari-arian, o isang pangkalahatang kontratista o tagabuo, maaari kang makatulong na pahusayin ang kaligtasan ng lahat at matiyak ang walang patid na mga serbisyo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntuning nakabalangkas sa dokumentong ito.

Pagkatapos makipag-ugnayan sa lokal na serbisyo ng One Call, kung ang trabaho mo ay nasa loob ng 30 metro (100 talampakan) ng linya ng tubo ng Trans Mountain, aabihan kami at makikipag-ugnayan sa iyo ang aming inspektor sa loob ng tatlong araw ng negosyo sa Canada (dalawang araw ng negosyo sa US), markahan ang pipeline at mag-isyu ng 30 metro (100 talampakan) na Pahintulot sa Pakikialam sa Lupa o Ground Disturbance Permit. Kung kailangan mo ng Pahintulot sa Pagkakabit Malapit sa Linya ng Tubo o Pipeline Proximity (Crossing) Installation Permit o "Proximity Permit" upang magkabit ng anumang permanenteng istruktura sa right-of-way, tulad ng isang kalsada o naaprubahang mga nakabaon na utility, magsasaayos kami ng pakikipagpulong sa iyo para talakayin ang iyong proyekto.

## Tumawag o Mag-click Bago Ang Iyong Paghuhukay

**Kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong serbisyo ng lokal na One Call nang hindi bababa sa tatlong araw na bukas ang opisina sa Canada (dalawang araw na bukas ang negosyo sa US) bago simulan ang iyong gawain sa pakikialam sa lupa.**

Hindi lamang ito kinakailangan ng batas kapag nagtatrabaho malapit sa isang linya ng tubo na kinokontrol ng pederal, kundi pati na rin ang pinakamahusay na paraan upang ipaalam sa Trans Mountain ang iyong iminungkahing trabaho. Ang One Call ay isang WALANG BAYAD na serbisyo na nakikipag-ugnayan sa iyong mga may-ari o operator ng mga nakabaon na utility.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang:

BC 1 Tumawag sa:  
**1.800.474.6886**

Mga Kasosyo sa  
Kaligtasan ng Utility  
**1.800.242.3447**

Washington state  
**811**

**Click  
Before  
YouDig.com**

## Paghahanap ng mga Linya ng Tubo

**Ang isang linya ng tubo ay karaniwang matatagpuan sa loob ng isang right-of-way— isang linear na koridor ng lupang walang matataas na halaman at permanenteng istruktura upang payagan ang ligtas na pag-access ng linya ng tubo para sa visual na inspeksyon, pagpapanatili o pagtugon sa emergency.**

Ang mga marka ng linya ng tubo ay matatagpuan kasama ng ruta ng linya ng tubo sa kalsada at mga tawiran sa kalsada. Tinutukoy ng mga marka na ang linya ng tubo ay nasa lugar, subalit wala sa eksaktong lokasyon o lalim. Tinutukoy din ng mga ito ang uri ng produktong inilipat, ang pangalan at numero ng kontak pang-emergency ng operator.



Sa kaso ng emergency sa linya ng tubo o para mag-ulat ng mga amoy, tumawag ng 24 na oras: **1.888.876.6711**

# Pagkilala sa Emergency ng Linya ng Tubo



**UMALIS KAAGAD SA LUGAR SA PAMAMAGITAN NG PAGLALAKAD PASALUNGAT SA HANGIN, PAGKATAPOS AY PAHARAP SA HANGIN**

- Babalaan ang iba na lumayo sa lugar
- Huwag gamitin ang mga cellphone o paandarin ang makinarya, kagamitan o sasakyan
- Tumawag sa 24 oras na linyang pang-emergency ng Trans Mountain sa 1.888.876.6711



## Pag-uulat ng Pinsala sa Linya ng Tubo

Kung natamaan mo ang linya ng tubo sa oras ng iyong pagtatrabaho, gaano man kaliit ang hitsura ng pinsala, agad tumawag sa aming 24 oras na linyang pang-emergency sa 1.888.876.6711.

Anumang pinsalang nagresulta sa paglalabas ng isang produkto, tumawag kaagad sa 911 at saka ito iulat sa 24 oras na linyang pang-emergency ng Trans Mountain.

## Tungkol sa Trans Mountain

Pinapatakbo ng Trans Mountain Corporation ang nag-iisang sistema ng linya ng tubo ng Canada na nagdadala ng mga produktong petrolyo sa West Coast. Naghahatid kami ng humigit-kumulang 890,000 bariles ng mga produktong petrolyo bawat araw sa pamamagitan ng sistema ng dalawang linya ng tubo na mahigit sa 1,150 kilometro (715 milya) ng linya ng tubo sa Alberta/BC at 111 kilometro (69 milya) ng linya ng tubo sa estado ng Washington.

Sa kaso ng emergency sa linya ng tubo o para mag-ulat ng mga amoy, tumawag ng 24 na oras: **1.888.876.6711**



[info@transmountain.com](mailto:info@transmountain.com)

1.866.514.6700

[transmountain.com/pipeline-safety](http://transmountain.com/pipeline-safety)

BC 1 Tumawag sa: 1.800.474.6886

Utility Safety Partners (Alberta):  
1.800.242.3447

Washington state: 811